# Mungkahing Peer Tutoring Program Bilang Interbensyon sa Pagpapaunlad ng Kakayahan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino 8

Michelle D. Montecillo, LPT
Alaminos Integrated National High School, Alaminos, Laguna, Philippines
Corresponding Author e-mail: *michelle.montecillo@deped.gov.ph*

**Received**: 10 December 2022 **Revised**: 21 January 2023 **Accepted**: 02 February 2023
**Available Online**: 03 February 2023

**Volume II (2023), Issue 1, ISSN: 2945-3577**

***ASTRAK***
**Aim:** Ang pananaliksik ay nakatuon sa Mungkahing *Peer Tutoring Program* Bilang Interbensyon sa Pagpapaunlad ng Kakayahan sa Pagbasa ng Mga Mag-aaral sa Filipino 8 sa Alaminos Integrated National High School.
**Methodology** *Mixed method* ang ginamit na disenyo ng pag-aaral at sa pag-alam ng resulta. Gumamit ng *statistical treatment na weighted mean*.
**Results:** Ang resulta ay nagsaad na: Hindi sumang ayon ang mga Guro sa pagkamit ng layunin ng Remedial Program, pagsasagawa ng *Follow up* sa mga Mag-aaral, paggamit ng Materyal sa pagbasa sa panahon ng Remediation. Ang *Needs Analysis ng Remedial Program* ay tumukoy sa mga salik ng maling asal o gawi sa pag-aaral, pagliban sa klase, walang kasiglahan sa pag-aaral ng Filipino, kakulangan ng materyal na ginamit, ang *Home School Partnership at Collaborative Learning* ay hindi naisakatuparan. Nabuo ang *Peer Tutoring Program batay sa ASK model* ni Fiesel 1985. Ang *Lived Experiences* ay nagtala ng kanilang positibong saloobin sa pag-aaral sa loob ng anim na buwan mula Hulyo hanggang Nobyembre 2018.
**Conclusion:** Lubhang sinang ayunan ng mga Guro sa Filipino ang isinagawang *Peer Tutoring Program*. Ang Peer Tutoring Program ay iminumungkahing gamitin alinsunod sa pagsasakatuparan nito.

***Keywords:*** *Tutee, Peer Tutoring Program, Lived Experiences, Philippine Informal Reading Inventory (Phil IRI)*

## INTRODUKSYON

Ang layunin ng pag- aaral ng asignaturang Filipino (Wika at Pagbasa) sa bagong kurikulum ng K- 12 ay ang makahubog ng isang mag- aaral na may ganap na pagkatao, at may kapaki - pakinabang na literasi (DepEd Curriculum Standard in Filipino 2012). Ang mithiing ito ay may katuluyan na dapat maisakatuparan sa Grade 8. Ang pag- aaral sa Grade 8 na nakasentro sa Wika at Panitikang Filipino ay nangangailangan ng husay sa pagbasa nang may pag- unawa na magiging daan ng pagpapahalaga sa panitikan. Ang pagbasa ay isa sa apat na makrong kasanayan na kinakailangang linangin sa mga mag - aaral. Sa pamamagitan ng pagbabasa, nauunawaan ang nilalaman, paksain, at impormasyon mula sa binabasa. Kaya't ang pagbasa ay isang proseso na nagkakaroon ng interaksyon sa teksto ang mga mag - aaral upang bigyan ito ng kahulugan (Dizon & Sanchez, 2020).

Upang mataya ang kakayahan ng mag- aaral sa pag - unawa ng binasa, ang Kagawaran ng Edukasyon ay naglunsad ng *Philippine Informal Reading Inventory* (Phil-IRI) noong Taong Panuruan 2011-2012. Ang *reading inventory* noong taong 2014- 2015 sa ika- walong baitang ng Alaminos Integrated National High School (AINHS) ay nananatiling mababa ang pag- unawa sa pagbasa ng mga estudyante sa kabila ng *remediation* ng mga guro sa Filipino. Noong Taong Panuruang 2014- 2015, nakapagtala ng 100 bilang ng mga mag- aaral sa ilalim ng Pagkabigo sa Antas ng Pag- unawa. Sa sumunod na Taong Panuruan, 2015- 2016, 93 ang naitala sa parehong antas. Samantala, 107 mag- aaral naman ang naitala sa taong panuruang 2016- 2017. Ang unang *remedial program* na isinagawa ng mga guro sa Filipino ay ang pagpapabasa pagkatapos ng klase sa hapon. Ang pakikipagtulungan ng mga guro sa magulang ay patuloy na isinagawa. Kaalinsabay ng *home visitation* sa itinakdang araw upang lubusang mabatid ang pangangailangan ng mag-aaral sa larangan ng pag-aaral sa loob ng silid- aralan. Ang isinagawang *remedial session* ay hindi sapat upang maturuan ang lahat ng mag-aaral na may mababang antas ng pag-unawa sa pagbasa dahilan sa dami ng bilang ng mga mag-aaral na may mababang antas ng pag-unawa sa pagbasa na makikita sa resulta ng *Reading Inventory* sa loob ng apat na taon (Appendix E). Sa kabuuan, ang *remedial session* ang nagganyak sa mananaliksik na bumuo ng *Peer Tutoring Program* sa pagbasa. Dito ang mga mag-aaral ay sasamahan ng kapwa mag-aaral tungo sa pagkatuto sa paraang tuturuan ng *Tutor ang Tutee* sa itinakdang oras ng pag-aaral sa patnubay ng gurong tagasubaybay.

Ang *Peer Teaching* ay napatunayan na mabisang paraan sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa loob at labas ng silid aralan. Ang *Peer Tutoring Program* ay naglalayon na magkaroon ng mga mag - aaral na makatutulong sa mga guro na magbahagi ng kaalaman sa iba pang estudyante. Sa ganitong programa, epektibong natututo ang

mga mag - aaral sa pamamagitan ng taimtim na pakikinig at pakikipagtalakayan sa kapwa nila mag- aaral ayon sa Multigrade School Education.

Ang *Peer Tutoring* ay isang sistema ng pagtuturo kung saan natututo ang mga kalahok (sa sarili nila) sa pamamagitan ng pagtuturo. Gayundin, ang salitang *peer* ay napakahalaga sapagkat itinatakda nito na nararapat na nasa pareho o halos malapit na antas ang nagtuturo at tinuturuan, kung kaya, hindi isang propesyonal na tagapagturo. Sa ganitong paraan, ginagabayan ng mga *Peer Tutor* ang mga mag- aaral sa pagkatuto sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga sapat na hamon at tulong upang malampasan ang mga ito. Kinakailangan ang ilang mga kwalipikasyon upang maisakatuparan ang mga nabanggit sa itaas; gaya ng, kaalaman (*knowledge*), positibong kilos (*positive attitude*), at matamang kasanayan sa pakikipag- usap o pakikipag- ugnayan (*good communication skills*). Mayroong hangganan ang kaalaman (*knowledge*) at kilos (*attitude*). Kinakailangan ang mga iyon, ngunit hindi sapat upang magkaroon ng malalim na pagkaunawa at pagkatuto. Dagdag pa, ang matamang kasanayan sa pakikipag- ugnayan (*good communication skills*) ay ang naglilimita sa pagiging epektibo ng pagkatuto (Feisel, 1985)

Ang katuparan ng mga layunin, balangkas, pagsasagawa, at resulta ng *peer tutoring* ang siyang magiging indikasyon na tagumpay ang isinagawang *peer tutoring program*. Ang ebalwasyon ng mga mag- aaral na sumailalim sa *Peer Tutoring Program* ay kalakip ng binuong teksto ng gurong tagasubaybay (*pointma o overseer*) na iniulat ng *peer tutors* sa *monitoring* at tinaya ng gurong tagasubaybay (*pointman/ overseer*) ang kawastuhan nito (Eid, 2015).

**Modelong Tyoretikal (Theory Model)**





**Figure 1.ASK (Attitudes, Skills, Knowledge) Model sa tutoring ni Feisel, 1985 sa isang komprehensibong programang pang- edukasyon.**

**LAYUNIN**

Ang pananaliksik ay nakatuon sa Mungkahing *Peer Tutoring Program* Bilang Interbensyon sa Pagpapaunlad ng Kakayahan sa Pagbasa ng Mga Mag-aaral sa Filipino 8 sa Alaminos Integrated National High School. Ang mga tiyak na layunin ay: 1. Ang Resulta ng pagtaya ng *Remedial Program* ng mga Guro sa Filipino batay sa *Philippine Informal Reading Inventory ( Phil- IRI ) sa Taong Panuruan 2014-2017. 2.* Ang *Needs Analysis ng Remedial Program* ayon sa pagtaya ng mga guro sa Filipino. 3. Ang mga hakbang sa pagbuo ng *Peer Tutoring Program* na ibinatay sa *ASK model ni Fiesel* 1985. 4. Ang *Lived Experiences ng Tutors at Tutees* sa isinagawang *Peer Tutoring Program*. 5. Ang resulta ng Pagtaya ng mga guro sa Filipino sa isinagawang *Peer Tutoring Program* at ng binuong materyal sa pagbasa.

**Hypothesis**

1. Sumang-ayon ang mga guro sa pagkamit ng layunin ng Remedial Program.
2. Hindi makatutulong ang *peer tutoring program* bilang interbensyon sa pagpapaunlad ng Kakayahan sa Pagbasa ng mga mag-aaral sa Filipino 8 sa Alaminos Integrated National high school.

**PAMAMARAAN**

**Disenyong ng Pananaliksik**

Ang Mixed Method na Sequential Explanatory Design ang ginamit sa pag-aaral na ito. Ang Explanatory Sequential Design ayon kay Creswell (2003), "is a mixed method strategy that is characterized by the collection and analysis of quantitative data followed by a collection and analysis of qualitative data". Ang Deskriptibong pananaliksik ay uri ng pananaliksik ukol sa pagbibigay ng deskripsyon sa katangian ng partikular na indibidwal o grupo (Surbhi, 2016). Samantala, ang In-depth Interview ayon kay Crossman (2019), "is speaking with participants in a one-on-one setting". Ang Deskriptibong pamamaraan ay ginamit sa Pagtaya ng mga Guro sa Filipino sa *Remedial Program* batay sa resulta ng *Philippine Informal Reading Inventory (Phil IRI) Taong Panuruan 2014-2017* at Pagtaya ng mga Guro sa Filipino sa binuong *Peer Tutoring Program* at Materyal na ginamit.

Ang qualitative data ay ginamit sa pangangalap ng impormasyon ukol sa *Needs Analysis ng Remedial Program* , karanasan ng mga mag-aaral sa *Peer tutoring Program (Tutors at Tutees)* at ang mga hakbang sa pagbuo ng *Peer Tutoring Program.*

**Pamamaraan**

Ang mananaliksik ay nagsumite ng liham pahintulot sa Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan sa Laguna (Appendix A) , Tagamasid Pampurok sa bayan ng Alaminos (Appendix B), Punongguro ng Alaminos Integrated National High School ( Appendix C ) Gurong Tagapag-ugnay at mga guro sa Filipino (Appendix D) upang makalap ang mga kinailangang datos sa pag- aaral. Sa pahintulot ng kinauukulan, ang mananaliksik ay personal na namahagi ng talatanungan sa mga kalahok na guro sa Filipino . Ang paglikom ng mga talatanungan ay isinagawa pagkaraan ng (5) limang araw..Ang panayam o *interview* (Appendix H) na mayroong pahintulot ng kanilang mga magulang ay isinagawa sa 5 tutors at 5 tutees na sumailalim sa *Peer Tutoring Program* hinggil sa kanilang *lived experiences* sa pag-aaral kasama ang kapwa mag-aaral.

**Pamamaraang Istadistika**

**Suliranin 1 at 3:** *Weighted Mean* ang ginamit

**MGA RESULTA AT PAGTALAKAY**

**Suliranin1**. Resulta ng pagtaya ng mga Guro sa Filipino sa *Remedial Program* batay sa *Philippine Informal Reading Inventory (Phil IRI)* Taong Panuruan 2014-2015.

Sa kabuuan, ang resulta ay nagpatunay na ang Pagtaya ng Remedial *Program* ay Bahagyang Tinatanggap ng mga Guro sa Filipino na may *Very Satisfactory Performance Rating*. Ang Pagtaya ng *Remedial Program* ay naglagom ng *grand weighted mean* na 2.06 na nangangahulugang Bahagyang Sumasang- ayon (batay sa iskalang likert na may pagitang puntos na 1.75- 2.49) ang mga Guro sa Filipino na may *Very Satisfactory Performance Rating.*

Ang pagkamit ng layunin ng *Remedial Program* na may *weighted mean* na 1.5 na may tumbasang Hindi Sumasang- ayon. Ang Follow up sa mga mag-aaral ay naisagawa na may *weighted mean* na 1.5 na may tumbasang Hindi Sumasang- ayon. May ginamit na ibang materyal sa pagbasa sa panahon ng Remediation na may *weighted mean* na 1.5 na may tumbasang Hindi Sumasang- ayon. May pag-unlad ang Guro sa isinagawang *Remedial program* sa paraang pagsubaybay at pagtuturo sa mga mag-aaral na may *weighted mean* na 2.00 na may tumbasang Bahagyang Sumasang- ayon. Ang pagmamahal at pagmamalasakit sa bata ay naipadama at naramdaman ng Guro at mag-aaral sa panahon ng *Remedial Program* na may *weighted mean* na 3.80 na may tumbasang Lubhang Sumasang- ayon.

**Talahanayan 2**
**Resulta ng pagtaya ng mga Guro sa Filipino sa *Remedial Program* batay sa *Philippine Informal Reading Inventory (Phil IRI)* Taong Panuruan 2014-2015.**

| Kategorya/ Pamantayan sa prosesong | Weighted Mean | Tumbasan | Rank |
|---|---|---|---|
| Ang pagtaya ng mga Guro sa Filipino na may *Very Satisfactory Performance Ratings* sa isinagawang Remedial Program ay inilalarawan ng: | | | |
| 1. Nakamit ang layunin ng Remedial Program | **1.5.** | **Hindi Sumasang- ayon** | **3** |
| 2. Ang Follow up sa mga mag-aaral ay naisagawa | **1.5** | **Hindi Sumasang- ayon** | **3** |
| 3. May ginamit na ibang materyal sa pagbasa sa panahon ng Remediation | **1.5** | **Hindi Sumasang- ayon** | **3** |
| 4. May pag-unlad ang Guro sa isinagawang Remedial program sa paraang pagsubaybay at pagtuturo sa mga mag-aaral | **2** | **Bahagyang Sumasang- ayon** | **2** |
| 5. Ang pagmamahal at pagmamalasakit sa bata ay naipadama at naramdaman ng Guro at mag-aaral sa panahon ng Remedial Program. | **3.80** | **Lubhang Sumasang- ayon** | **1** |
| **Grand Weighted Mean** | **2.06** | **Bahagyang Sumasang- ayon** | |

Ang resulta ay nagpatunay na ang Pagtaya ng *Remedial Program* batay sa Philippine Informal Reading Inventory (Phil IRI), ang pagkamit ng layunin ng *Remedial Program*, ang *Follow-up* sa mga mag-aaral ay naisagawa , May ginamit na ibang materyal sa pagbasa sa panahon ng Remediation, na nagresulta na Hindi Sinasang-ayunan ng mga Guro sa Filipino.May pag-unlad ang Guro sa isinagawang *Remedial Program* sa paraang pagsubaybay at pagtuturo sa mga mag-aaral na nagresulta na Bahagyang Sumasang ayon ang mga Guro sa Filipino. Ang pagmamahal at pagmamalasakit sa bata ay naipadama at naramdaman ng Guro at mag-aaral sa panahon ng *Remedial Program* na nagresulta ng Lubhang Sumasang-ayon ang mga Guro sa Filipino.

Sa ganitong kalagayan, hindi pare- pareho ang batayan ng mga eskwelahan sa kung sinong mag- aaral ang nangangailangan ng *remedial classes* ito man ay sa pagsulat, pagbasa, o matematika ngunit iisa lang ang kanilang nais makamit: ang mas mapataas ang antas ng pag- unawa at kompetensi ng mga estudyante upang matulungan silang maintindihan at matapos ang aralin (Jimenez et. al., 2016). Ang pagkakaroon ng *Remedial Reading Classes* ay epektibong paraan upang mapataas ang antas ng kaalaman sa pagbasa (Sanchez & Sarmiento, 2020). Ito ay pinatunayan din ni Galvez (2017), dahil mas natututukan sila ng mga tagapagturo ng isang aralin. Subalit, ayon kay Shults (2017), madalas na hindi makapagdaos ng mga *Remedial Classes* dahil sa mga sumusunod na mga dahilan: **a.**) kulang ang guro na maaaring sumubaybay sa mga mag- aaral dahil inuuna nilang tugunan ang iba pang gawaing pampaaralan na kailangan ding bigyang- pansin, **b.**) nawawalan ng interes ang mga mag- aaral sa mga ganoong gawain dahil sa nakikita nila itong nakakabagot, **c.**) problema rin ayon sa kaniya ang pag- uwi agad ng mga estudyante kapag awasan at huli, **d.**) kung may dumadalo man, ito ay dahil napipilitan sila.

**Suliranin 2**. *Needs Analysis* sa isinagawang *Remedial Program Taong Panuruan 2014-2017* ayon sa pagtaya ng mga Guro sa Filipino

Buhat sa isinagawang *Remedial Program sa loob ng tatlong taon ay nanatiling mababa* ang resulta *ng Philippine Informal Reading Inventory (Phil IRI)* na walang pagbabago sa kabila ng pagkakaroon ng *Remedial Program.* Ang kaalinsabay nito ay ang kanilang maling asal o gawi sa pag-aaral, pagliban sa klase, walang kasiglahan sa pag-aaral ng Filipino at kakulangan ng materyal na ginamit. Ang kakulangan ng paggabay ng mga magulang sa mga anak sa kanilang pag-aaral, ang hindi napagtibay na *Home-School Partnership at ang Collaborative learning na* hindi naisakatuparan ay natukoy.

Ang kabuuan ng *needs analysis na nagsaad ng mababang antas sa pag- unawa ng mga mag-aaral* ay nagmungkahing maglunsad ng bagong *teaching learning approach* na may katawagang *Peer Tutoring Program* sa Pagpapaunlad ng Kakayahan sa Pagbasa at nagkaroon ng pagbabago sa mga nabanggit na salik.

Ang pagkakaroon ng interes ay napakahalaga sa pagpapanatili ng kawilihan sa simula hanggang katapusan ng pag- aaral. Ang mag- aaral na interesadong mag- aral ay maraming natutunan na nagagamit niya sa kaniyang indibidwal na pag- unlad. Lalong magaan ang pagganap sa mga gawaing iniatang ng guro hinggil sa paksang tinatalakay na nagreresulta sa higit na epektibong pagkatuto. Gayundin, hindi nakukuntento ang estudyanteng interesado sa paksa sa mga impormasyon mula sa aklat o guro bagkus ay nagsasaliksik siya ng mga karagdagang kaalaman. (Belvez, 2015).

Ang kahalagahan ng palagiang pagpasok ng mag- aaral sa klase ay ang pagkakaroon ng higit na malaking oportunidad sa pagkatuto higit sa mga mag- aaral na malimit lumiban sa klase. Gayundin, ang mga benepisyong binibigay ng regular na pagpasok gaya ng: pagiging sanay at mahusay sa pakikilahok at pakikisama sa ibang tao (*socialization*), tiwala sa sarili (*confidence*), pakikipagtulungan (*collaboration*), at iba pang mga kagandahan sa mental, sikolohikal, at espiritwal na aspeto ay kanilang nakakamtan. Ngunit, hindi maitatanggi na sa kabila ng mga benepisyong ito ay maraming mga mag- aaral pa rin ang madalas na lumiliban sa klase (Sanchez, et. al, 2022).

May limang pangunahing dahilang natuklasan sina Sahin et. al. (2016), kaugnay ng pagliban ng mga mag-aaral sa klase. Ito ay ang sumusunod: mga dahilang nagmumula sa pamilya, mga administrador at guro ng paaralan, sa kalagayan ng paaralan, sa mag- aaral mismo at kapwa mag- aaral, at sa kapaligiran. Hinati pa nila ang limang pangunahing dahilan na ito sa 15: relasyon ng magulang sa anak, di pagpuna sa pagliban, problema sa pamilya, pananaw sa edukasyon, kalagayang ekonomikal, relasyon ng administrador sa mag- aaral, relasyon ng guro sa mag-aaral, gawi ng guro sa loob ng klase, pananaw hinggil sa pagliban, mga istruktura sa paaralan, negatibong atmospera ng paaralan, kasanayan sa paaralan, personal na mga dahilan, relasyon sa kapaligiran, at iba pang salik sa paligid.

**Suliranin 3**. Mga Hakbang sa Pagbuo ng *Peer Tutoring Program* na ibinatay sa ASK *model ni Fiesel* 1985 at ginabayan ng acronym na *POLICE.*

a. Ang paggawa ng Plano ng *Peer Tutoring Program* na kinapapalooban ng Layunin, Balangkas, Pagsasagawa at Ebalwasyon.

b. Organize, Pagpili ng mga mag-aaral na may low performance sa pagbasa.

c. Leading, Pagtukoy sa *Peer Tutors* katulong ang mga guro sa Filipino sa Grade 7 at Grade 8 sapagkat sila ay may sapat na kaalaman sa mga nakaraang pag-aaral ng mga bata maging ang kanilang Gurong Tagapayo na ibinatay sa kanilang suhestyon sa marka ng bata, sa gawi ng bata, at kakayahan ng bata na nakabatay sa *ASK model ni Fiesel* 1985..Paghingi ng liham pahintulot sa Punongguro,(Appendix F--H) mga magulang ng *tutors at tutees* para sa *Peer Tutoring Program*.

d.Implementing, ito ay isinagawa sa loob ng anim na buwan sa pahintulot ng Punongguro at mga magulang ng *Tutors* at *Tutees* mula Hulyo hanggang Nobyembre sa ganap na 2:40-3:40 ng hapon pagkatapos ng klase, lunes hanggang huwebes sa patnubay ng Gurong Tagasubaybay at sa tulong ng mga Tutors.

e. Controlling, ang pagsasanay sa mga *Tutors* ay isinagawa bago magturo sa *Tutees.*Katulad ng advance na pagbasa ng mga akda at pag-unawa dito, pagsasaliksik ng iba pang panoorin at pagganyak na may kinalaman sa pag-aaralan sa Peer Tutoring Program. Pagsagot sa mga katanungan kaugnay ng akda at pagtalakay sa mga akda sa patnubay ng Guro.

*f. Evaluating, sa patnubay ng Guro ay nataya ang naganap sa plano sa Tutor at Tutees maging sa pagkatuto ng mga mag-aaral tungo sa reflective thinking at lifelong learning. Ang reflection na matatagpuan* sa huling bahagi ng materyal na ginamit ay pinakamahalaga sa aplikasyon ng natutunan ng mga mag-aaral sa huling bahagi ng pag-aaral araw-araw. Ang aral na nakapaloob sa akdang pinag-aralan na naisabuhay ng bawat mag-aaral sa patnubay ng mga *Tutors* at Gurong tagasubaybay.Ito ay naging posible sapagkat naunawaan ng mga *Tutees* ang kanilang mga pinag-aralan sa pamamagitan ng pagbabasa at pag unawa sa akda at pag-aaral katulong ang mga kapwa mag-aaral.

Ang *Peer Tutoring Program* ay naglalayon na magkaroon ng mga mag- aaral na makatutulong sa mga guro na magbahagi ng kaalaman sa iba pang estudyante. Ang mga *Tutors* ay inaasahang mag- ambag ng mga mapagkakatiwalaang impormasyon para sa iba pang mag- aaral na nahihirapan sa paksa. Mapagkakatiwalaan

sapagkat pinili ang mga *Tutors* base sa kanilang gawi (*attitude*), kakayahan (*skills*) at kaalaman (*knowledge*). Sapagkat ang guro ay hindi lamang tagapamahagi ng impormasyon at lalong hindi rin isang taong naatasan na magturo lamang sa loob ng silid- aralan; bagkus, ang gampanin ng guro ay lumikha ng mga mag- aaral na progresibo at maglaan ng mga kagamitang panturo sapagkat ang guro ay nagsisilbing tagagabay at hindi isang tagapagturo lamang (Aquino, 2015), na siya namang pinaka- layunin ng Peer Tutoring Program sa Pagbasa ng Filipino 8. Ang *Peer Tutoring* ay isang proseso kung saan ang isang *pre- trained* na mag- aaral ay nagtuturo ng mga konsepto o kakayahan sa isa pang mag- aaral o grupo ng mag- aaral (Gearheart et al., ginamit nina Yurt at Aktas, 2016). Ayon naman kina Alzahrani at Leko (2018), may mga katangian na dapat taglayin ang isang mahusay na *peer tutor* bukod sa matataas na marka at ito ay ang sumusunod: **a.**) husay sa pakikipag- ugnayan (*communication skills*); **b.**) pakikilahok at pakikisama (*cooperation*); **c.**) puso sa gawain (*commitment*); **d.**) pagiging flexible at mapagkakatiwalaan (*reliable*); at **e.**) pagiging sensitibo pagdating sa emosyon ng tinuturuan.

**Suliranin 4**. Ang *Lived Experieces ng Tutors at Tutees sa* isinagawang *Peer Tutoring Program*

Ang *Lived Experiences* ng *Tutors at Tutees* tungkol sa isinagawang *Peer Tutoring Program* sa loob ng 6 na buwan Taong Panuruan 2018-2019 ay kinalap sa pamamagitan ng limang katanungan.

1. Bilang *Tutor,* ano ang karanasan mo sa *Peer Tutoring Program?*

*Tutors: Ang karanasan ng mga mag-aaral sa Peer Tutoring Program ay maligayang pag-aaral sa kabila ng pagod at init ng panahon sa loob ng silid aralan. Marami silang natutunan bilang tutors dahil lalong lumago ang kanilang kaalaman sa pag-aaral sa pamamagitan ng advance reading at advance na pag-aaral.*

- Bilang Tutee, ano ang karanasan mo sa *Peer Tutoring Program?*

*Tutees: Ang karanasan ng mga mag-aaral sa Peer tutoring Program sa loob ng anim na buwan ay masaya na malungkot. Sila ay masaya na natuto sila sa pagtuturo ng mga tutors subalit malungkot dahil sa pagtatapos ng programa, samut saring pakiramdam .*

2. Bilang *Tutor*, nahihirapan ka ba sa pag-aaral ng Filipino? Bakit?

*Tutors: Hindi sila nahihirapan sa pag-aaral ng Filipino subalit mayroong pagkakataong hindi naiiwasan na maraming katanungan. Katulad ng mahabang babasahin sa mga akdang pampanitikan. Masaya ang mag-aral ng Filipino lalo na kung masaya ang gurong nagtuturo nito at mataas palagi ang enerhiya sa pagtuturo. Malakas ang boses nang sa gayon ay marinig ng lahat sa loob ng silid aralan ang pagtalakay sa paksang pinag-aaralan.Mahalagang mabatid ng bawat mag-aaral ang kahalagahan ng pag-aaral ng Filipino bilang mga Pilipino.*

- Bilang *Tutee,* nahihirapan ka ba sa pag-aaral ng Filipino? Bakit?

*Tutees: Nahihirapan sila sa pag-aaral ng Filipino sapagkat inaantok sila sa oras na ito lalo at napatapat ito sa* last period ng pag-aaral. Nais na nilang makauwi, gutom na at ang iba naman ay may hanapbuahy (working student).

3. Bilang Tutor, kung pamimiliin ka ng magtuturo sa iyo sa karagdagang oras ng pag-aaral,sino ang nais mong magturo, Guro o kamag-aaral? Bakit?

*Tutors : Ang nais nilang magturo sa kanila ay guro sapagkat madaling magtanong dahil alam ng guro ang isasagot. Matuturuan ng mga teknik sa pag-aaral. Mapapayuhan sa ibang bagay. Magkakaroon ng pag-asa na may napapagsabihan at nahihingan ng tulong sa oras ng pangangailangan.*

- Bilang *Tutees*, kung pamimiliin ka ng magtuturo sa iyo sa karagdagang oras ng pag-aaral,sino ang nais mong magturo, Guro o kamag-aaral? Bakit?

*Tutees: Ang nais nilang magturo sa kanila ay mga kamag-aral. Hindi mahihiyang magtanong at magsabi ng nais sabihin. Nag-aalala na magalit ang guro pag hindi alam ang isasagot.*

*4.* BIlang *Tutor*, ano ang style mo sa pag-aaral ng Filipino? Araw-araw, pagkatapos ng klase o tuwing may pagsusulit lamang? Bakit?

*Tutors*: Araw- araw silang nag-aaral o nagbabasa ng mga pinag-aralan at pag-aaralan sa Filipino. Kung walang aklat ay magsesearch sa internet at magpapaprint ng kailangan. Kung hindi naman ay kumokopya sa oras ng klase sa tuwing may mahalagang ipinapasulat ang guro sa Filipino.

- Bilang *Tutees*, ano ang style mo sa pag-aaral ng Filipino? Araw-araw, pagkatapos ng klase o tuwing may pagsusulit lamang? Bakit?

*Tutees: Nag-aaral sila tuwing may pagsusulit lamang o kalimitan ay hindi. Walang kopya sa notebook ng mga tinalakay ng guro sapagkat tamad kumopya. Walang aklat na pag-aaralan o babasahin. Kulang sa patnubay ng mga magulang sa tahanan sa kanilang pag-aaral. Walang humihikayat na mag-aral sila. Minsan ay may kasamang kamag-aral kaya nakakapag-aral subalit kung walang kasama ay tinatamad magreview o magbuklat ng aralin sapagkat kulang o wala namang kopya sa kwaderno ng mga pinag-aralan.*

5. Bilang *Tutor*, para sa iyo, bakit nagiging kabagot-bagot ang pag-aaral ng Filipino?

*Tutors* : Para sa mga *mag-aaral, nagiging kabagot-bagot ang pag-aaral ng Filipino kung ang ang guro ay walang gagawing estratehiya upang mapukaw ang interes ng bawat mag-aaral sa pag-aaral ng Filipino. Sa tuwing magpapasulat lamang ang guro na kinaiinipan ng mga mag-aaral.*

- Bilang *Tutees*, para sa iyo, bakit nagiging kabagot-bagot ang pag-aaral ng Filipino?

*Tutees :* Para *sa* mga *mag-aaral, ang mga mahahabang akda na tinatamad basahin ng karamihan dahil na rin sa maraming kadahilanan.Walang kopya o sipi ng akda, walang aklat, ang malalalim na salita na hindi pamilyar at mahirap bigkasin ay kinatatamarang pag-aralan ng mga ,mag-aaral.Mainit sa loob ng silid aralan kaya kabagot-bagot mag-aral gayundin ang maraming bilang mga mag-aaral sa loob ng klase*

**Suliranin 5. Resulta ng Pagtaya ng mga mga Guro sa Filipino sa isinagawang *Peer Tutoring Program* at Binuong Materyal sa Pagbasa batay sa:**

5.1 Layunin
5.2 Balangkas
5.3 Pagsasagawa at
3.4 Ebalwasyon

**Talahanayan 3**

**Resulta ng Pagtaya ng mga mga Guro sa Filipino sa isinagawang *Peer Tutoring Program* at Binuong Materyal sa Pagbasa batay sa: Layunin**

| Kategorya/ Pamantayan sa prosesong | Weighted Mean | Tumbasan | Rank |
|---|---|---|---|
| Ang pagtataya ng mga mga Guro sa Filipino na may *Very Satisfactory Performance Rating* sa binuong Peer Tutoring Program batay sa Layunin ay inilalarawan ng: | | | |
| 1. Buo ang pagbalangkas ng mga paksang- aralin sa Filipino 8. | **3.80** | **Lubhang Sumasang-ayon** | **1** |
| 2. Naipakikita ang katuparan ng pagkatuto ng mga mag- aaral sa (3) tatlong dimensyon. | **3.60** | **Lubhang Sumasang-ayon** | **2** |
| 3. Kaisa ang mga mag-aaral sa pagbuo ng sariling direksyon sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. | **3.60** | **Lubhang Sumasang-ayon** | **2** |
| 4. Natiyak ang mga panuto at bunga ng *peer tutoring program*. | **3.40** | **Lubhang Sumasang-ayon** | **3** |
| 5. Nabatid ang (3) tatlong dimensyon sa pagkatuto. | **3.40** | **Lubhang Sumasang-ayon** | **3** |
| **Grand Weighted Mean** | **3.56** | **Lubhang Sumasang-ayon** | |

5.1 Layunin ng Peer Tutoring Program

Sa kabuuan, ang resulta ay nagpatunay na ang Layunin ng *Peer Tutoring Program* ay Lubusang Tinatanggap ng mga Guro sa Filipino na may *Very Satisfactory Performance Rating*. Ang Layunin ng *Peer Tutoring Program* ay naglagom ng *grand weighted mean* na 3.56 na nangangahulugang Lubhang Sumasang- ayon (batay sa iskalang likert na may pagitang puntos na 3.25- 4.00) ang mga Guro sa Filipino na may *Very Satisfactory Performance Rating*.

Buo ang pagbalangkas ng mga paksang- aralin sa Filipino 8 ay may *weighted mean* na 3.80 na may tumbasang Lubhang Sumasang- ayon. Ang naipakikita ang katuparan ng pagkatuto ng mga mag- aaral sa (3) tatlong dimensyon ay may *weighted mean* na 3.60 na may tumbasang Lubhang Sumasang- ayon. Ang kaisa ang mga mag- aaral sa pagbuo ng sariling direksyon sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto ay may *weighted mean* na 3.60 na may tumbasang Lubhang Sumasang- ayon. Ang natiyak ang mga panuto at bunga ng peer tutoring program ay may *weighted mean* na 3.40 na may tumbasang Sumasang- ayon. At, ang nabatid ang (3) tatlong dimesyon sa pagkatuto ay may *weighted mean* na 3.40 na may tumbasang Lubhang Sumasang- ayon.

Ang resulta ay nagpatunay na ang Layunin ng *Peer Tutoring Program* ay inilalarawan ng pagiging buo ng pagbalangkas ng mga paksang- aralin sa Filipino 8 na magpapakita ng katuparan ng pagkatuto ng mga mag- aaral sa (3) tatlong dimensyon gayundin, kaisa ang mga mag- aaral sa pagbuo ng sariling direksyon sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto upang maging tiyak ang mga panuto at bunga ng *peer tutoring program* sa ikababatid ng (3) tatlong dimesyon sa pagkatuto. Binigyang- diin ni Constantini (2015), na layunin ng programa na hindi lamang ang *tutee* ang nakikinabang sa *peer tutoring* kundi pati ang *peer tutor*. Sa pagsasagawa ng *peer tutoring program*, mahalagang isaisip na ang minimithi ay di lamang pagkatuto ng *tutee* o tinuturuan kundi pati ang mga benepisyo na makukuha ng mga *peer tutor* at mga guro sa gawain. Dagdag na karanasan para sa mga *peer tutor* at tulong naman sa mga guro upang mas magkaroon ng mas malalim na pagkatuto sa aralin ang ilan sa mga benepisyong iyon (Banzuela, 2017). Ang kabisaan ng pagkakaroon ng *peer tutoring program* ay sinang- ayunan ni McGuire (2018), na pinaka- epektibo ang *peer tutoring* kapag ito ay ipinatupad bilang bahagi ng programa ng paaralan upang mapataas ang literasi at kung ang mga estudyante ang may mas malaking gampanin sa pagsasagawa nito.

**Talahanayan 4**
**Resulta ng Pagtaya ng mga mga Guro sa Filipino sa isinagawang *Peer Tutoring Program* at Binuong Materyal sa Pagbasa batay sa: Balangkas**

| Kategorya/ Pamantayan sa prosesong | Weighted Mean | Tumbasan | Rank |
|---|---|---|---|
| Ang pagtataya ng mga *Experts* (mga Guro sa Filipino na may *Very Satisfactory Performance Rating*) sa binuong Peer Tutoring Program batay sa Balangkas ay inilalarawan ng: | | | |
| 1. Itinakda ayon sa mahalagang simulain ng pagkatuto sa Filipino batay sa kompetensi ng Grade 8 | **3.60** | **Lubhang Sumasang- ayon** | **1** |
| 2. Nakaayos ayon sa *Curriculum Guide* na itinakda ng Kagawaran ng Edukasyon sa Filipino 8. | **3.60** | **Lubhang Sumasang- ayon** | **1** |
| 3. Isinagawa ayon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa ika-21 siglo (*21st century learners*). | **3.60** | **Lubhang Sumasang- ayon** | **1** |
| 4. Kumpletong dinisenyo ayon sa sistema at kaayusan ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto. | **3.60** | **Lubhang Sumasang- ayon** | **1** |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 5. Nakuha ang interes ng *peer tutoring program* batay sa *Learning Outcomes* (LO), *Learning Content* (LC), *Learning Activities* (LA). | **3.40** | **Lubhang Sumasang-ayon** | **2** |
| **Grand Weighted Mean** | **3.56** | **Lubhang Sumasang-ayon** | |

5.2 Balangkas ng *Peer Tutoring Program*

Sa kabuuan, ang resulta ay nagpatunay na ang Balangkas ng *Peer Tutoring Program* ay Lubusang Tinatanggap ng mga Guro sa Filipino na may *Very Satisfactory Performance Rating*. Ang Balangkas ng *Peer Tutoring Program* ay naglagom ng *grand weighted mean* na 3.56 na nangangahulugang Lubhang Sumasang- ayon (batay sa iskalang likert na may pagitang puntos na 3.25- 4.00) ang mga Guro sa Filipino na may *Very Satisfactory Performance Rating*.

Ang itinakda ayon sa mahalagang simulain ng pagkatuto sa Filipino batay sa kompetensi ng Grade 8 ay may *weighted mean* na 3.60 na may tumbasang Lubhang Sumasang- ayon. Ang nakaayos ayon sa *Curriculum Guide* na itinakda ng Kagawaran ng Edukasyon sa Filipino 8 ay may *weighted mean* na 3.60 na may tumbasang Lubhang Sumasang- ayon. Ang isinagawa ayon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa ika-21 siglo (*21st century learners*) ay may *weighted mean* na 3.60 na may tumbasang Lubhang Sumasang- ayon. Ang kumpletong dinisenyo ayon sa sistema at kaayusan ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto ay may *weighted mean* na 3.60 na may tumbasang Sumasang- ayon. At, ang nakuha ang interes ng *peer tutoring program* batay sa *Learning Outcomes* (LO), *Learning Content* (LC), *Learning Activities* (LA) ay may *weighted mean* na 3.40 na may tumbasang Lubhang Sumasang- ayon.

Ang resulta ay nagpatunay na ang Balangkas ng *Peer Tutoring Program* ay inilalarawan ng pagtatakda ayon sa mahahalagang simulain ng pagkatuto sa Filipino batay sa kompetensi ng Grade 8 na nakaayos ayon sa *Curriculum Guide* na itinakda ng Kagawaran ng Edukasyon sa Filipino 8, ito rin ay isinagawa ayon sa mga pangangailangan ng mga mag- aaral sa ika- 21 siglo (*21st century learners*) na kumpletong idinisenyo ayon sa sistema at kaayusan ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto na nakuha ang interes ng *peer tutoring program* batay sa *Learning Outcomes* (LO), *Learning Content* (LC), *Learning Activities* (LA). Ang nilalaman ng *peer tutoring program* ay ang pagtutulungan (*collaboration*) ng *peer tutors* o *little teachers* tungo sa mas epektibong pagtuturo at pagkatuto. Sa pamamagitan ng *peer tutoring*, mas nagiging aktibo ang gampanin ng mga estudyante. Mahalaga ito sa mga mag- aaral sa paglinang ng kanilang sosyal na kakayahan. Bukod doon, mas napapabuti rin ang lebel ng kakayahan nila sa akademiko (Concepcion, 2017). Ang *peer tutoring* (na tinatawag ding *peer learning*, *cooperative/ collaborative learning* at *peer collaboration*), ay isang estratehiya sa pagkatuto kung saan natututo ang bawat mag- aaral sa isa't isa na hindi kinakailangan ang agarang pagsubaybay ng guro (Boud et al. sa Arrand, 2015). Sinabi ni Hott (sa Osayimwense, 2017), na ang *peer tutoring* ay isang estratehiya kung saan ipinapares ang isang *high- performing* na mag- aaral sa isang *low- performing* na estudyante upang mapagtuunan ng pansin ang akademiko o *behavioral concepts* sa loob at labas ng paaralan na may pagsubaybay ng guro.

**Talahanayan 5**
**Resulta ng Pagtaya ng mga mga Guro sa Filipino sa isinagawang *Peer Tutoring Program* at Binuong Materyal sa Pagbasa batay sa:**
**Pagsasagawa**

| Kategorya/ Pamantayan sa prosesong | Weighted Mean | Tumbasan | Rank |
|---|---|---|---|
| Ang pagtataya ng mga *Experts* (mga Guro sa Filipino na may *Very Satisfactory Performance Rating*) sa binuong Peer Tutoring Program batay sa Pagsasagawa ay inilalarawan ng: | | | |
| 1. Paggamit ng mga metodolohiya, teknik at | **3.80** | **Lubhang Sumasang-ayon** | **1** |

| | | | |
|---|---|---|---|
| mga paraan sa pagpapaangat ng mababang resulta ng *Philippine Informal Reading Inventory* (Phil-IRI). | | | |
| 2. Nakasentro sa mga mag- aaral ang isinagawang *peer tutoring program*. | **3.80** | **Lubhang Sumasang-ayon** | **1** |
| 3. Paggamit ng *Information and Communications Technology* (ICT) para sa kawili- wiling pagtuturo. | **3.80** | **Lubhang Sumasang-ayon** | **1** |
| 4. Naipamalas ang pagkatuto batay sa pagkakaroon ng *Attitudes*, *Skills*, *Knowledge* (ASK). | **3.80** | **Lubhang Sumasang-ayon** | **1** |
| 5. Naging makabuluhan ang paggamit ng metodolohiya, teknik, approaches, ICT *Integration* sa tulong ng *peer tutor*. | **3.80** | **Lubhang Sumasang-ayon** | **1** |
| **Grand Weighted Mean** | **3.80** | **Lubhang Sumasang-ayon** | |

5.3 Pagsasagawa ng *Peer Tutoring Program*

Sa kabuuan, ang resulta ay nagpatunay na ang Pagsasagawa ng *Peer Tutoring Program* ay Lubusang Tinatanggap ng mga Guro sa Filipino na may *Very Satisfactory Performance Rating*. Ang Pagsasagawa ng *Peer Tutoring Program* ay naglagom ng *grand weighted mean* na 3.80 na nangangahulugang Lubhang Sumasang- ayon (batay sa iskalang likert na may pagitang puntos na 3.25- 4.00) ang mga Guro sa Filipino na may *Very Satisfactory Performance Rating*. Ang paggamit ng mga metodolohiya, teknik at mga paraan sa pagpapaangat ng mababang resulta ng *reading inventory* ay may *weighted mean* na 3.80 na may tumbasang Lubhang Sumasang- ayon. Ang nakasentro sa mga mag- aaral ang isinagawang *peer tutoring program* ay may *weighted mean* na 3.80 na may tumbasang Lubhang Sumasang- ayon. Ang paggamit ng *Information and Communications Technology* (ICT) para sa kawili- wiling pagtuturo ay may *weighted mean* na 3.80 na may tumbasang Lubhang Sumasang- ayon. Ang naipamalas ang pagkatuto batay sa pagkakaroon ng *Attitudes*, *Skills*, *Knowledge* (ASK) ay may *weighted mean* na 3.80 na may tumbasang Sumasang- ayon. At, ang naging makabuluhan ang paggamit ng metodolohiya, teknik, approaches, ICT *Integration* sa tulong ng *peer tutor* ay may *weighted mean* na 3.80 na may tumbasang Lubhang Sumasang- ayon.

Ang resulta ay nagpatunay na ang Pagsasagawa ng *Peer Tutoring Program* ay inilalarawan ng paggamit ng mga metodolohiya, teknik at mga paraan sa pagpapaangat ng mababang resulta ng *reading inventory* na nakasentro sa mga mag- aaral. Kinakitaan din ng paggamit ng *Information and Communications Technology* (ICT) para sa kawili- wiling pagtuturo upang maipamalas ang pagkatuto batay sa pagkakaroon ng *Attitudes*, *Skills*, *Knowledge* (ASK) dahilan upang maging makabuluhan ang paggamit ng metodolohiya, teknik, approaches, ICT *Integration* sa tulong ng *peer tutor*. Pinipili ang mga *tutors* batay sa kanilang gawi (*attitude*) kung saan marapat lamang na mapitagan ang mga *tutors* sa kanilang tinuturuan gayundin, sila ay nararapat na maging modelo o ehemplo sa isa't isa, sa kanilang kakayahan (*skills*) kung saan makikita ang husay sa pakikipag- ugnayan (*communication*) at pag-uulat ng resulta ng gawain ng mga *tutors*, at ang mapagkakatiwalaang kaalaman (*knowledge*) hinggil sa paksa na taglay ng mga *peer tutors*. Kasabay nito ang pagbibigay- impormasyon sa mahahalagang alituntunin ng programa (Sturdivant, 2018). Ang ika- 21 siglo ay mas bago ang pamamaraan ng pagtuturo. Ang guro ay *facilitator* lamang sa nangyayaring pagkatuto at mag- aaral ang hinahayaang magmaniobra sa pagtalakay sa aralin, hinahayaan ng guro

na mag- aaral ang tumutuklas para sa kanilang pagkatuto. Ang paggamit ng makabagong kagamitan ay lubos na napag- uukulan, ilang halimbawa rito ay ang kompyuter, gamit ang LCD, laptop, internet at iba pang modernisadong kagamitan (Somoza, 2015). Marapat na taglay ng isang *peer tutor* ang mga katangian gaya ng husay sa paggamit ng makabagong teknolohiya at kakayahang gumamit ng mga istilo sa pagtuturo upang maging epektibong tagapagturo sa kanilang *tutee*. Nararapat lamang na ang *peer tutor* ay isang masigasig na mambabasa para makabuo siya ng mga istratehiya sa pagtuturo ng paksa at sa gayon ay magkaroon ng lubusang pag- unawa tungkol sa binasang akda (Lanzador, 2015; Sanchez, 2022).

**Talahanayan 6**
**Resulta ng Pagtaya ng mga mga Guro sa Filipino sa isinagawang *Peer Tutoring Program* at Binuong Materyal sa Pagbasa batay sa:**
**Ebalwasyon**

| Kategorya/ Pamantayan sa prosesong | Weighted Mean | Tumbasan | Rank |
|---|---|---|---|
| Ang pagtataya ng mga *Experts* (mga Guro sa Filipino na may *Very Satisfactory Performance Rating*) sa binuong Peer Tutoring Program batay sa Ebalwasyon ay inilalarawan ng: | | | |
| 1. Nakamit ang mga layunin ng *peer tutoring program* batay sa *collaboration*. | **3.80** | **Lubhang Sumasang-ayon** | **1** |
| 2. Naipakita ang ginawang hakbang upang masubaybayan ang *peer tutoring program* sa tulong ng guro, *peer tutors*, at mag- aaral. | **3.80** | **Lubhang Sumasang-ayon** | **1** |
| 3. Maayos na nagamit ang mga istratehiya at materyales sa kabuuan ng *peer tutoring program*. | **3.80** | **Lubhang Sumasang-ayon** | **1** |
| 4. Nagabayan ang mga mag- aaral sa binuong *peer tutoring program*. | **3.80** | **Lubhang Sumasang-ayon** | **1** |
| 5. Tiyak ang inaasahang resulta ng *peer tutoring program*. | **3.80** | **Lubhang Sumasang-ayon** | **1** |
| **Grand Weighted Mean** | **3.80** | **Lubhang Sumasang-ayon** | |

5.3 Ebalwasyon ng *Peer Tutoring Program*

Sa kabuuan, ang resulta ay nagpatunay na ang Ebalwasyon ng *Peer Tutoring Program* ay Lubusang Tinatanggap ng mga Guro sa Filipino na may *Very Satisfactory Performance Rating*. Ang Ebalwasyon ng *Peer Tutoring Program* ay naglagom ng *grand weighted mean* na 3.80 na nangangahulugang Lubhang Sumasang- ayon (batay sa iskalang likert na may pagitang puntos na 3.25- 4.00) ang mga *experts* (mga Guro sa Filipino na may *Very Satisfactory Performance Rating*).

Ang nakamit ang mga layunin ng *peer tutoring program* batay sa *collaboration* ay may *weighted mean* na 3.80 na may tumbasang Lubhang Sumasang- ayon. Ang naipakita ang ginawang hakbang upang masubaybayan ang *peer tutoring program* sa tulong ng guro, *peer tutors*, at mag- aaral ay may *weighted mean* na 3.80 na may tumbasang Lubhang Sumasang- ayon. Ang maayos na nagamit ang mga istratehiya at materyales sa kabuuan ng *peer tutoring program* ay may *weighted mean* na 3.80 na may tumbasang Lubhang Sumasang- ayon. Ang nagabayan ang mga mag- aaral sa binuong *peer tutoring program* ay may *weighted mean* na 3.80 na may tumbasang Sumasang- ayon. At, ang tiyak ang inaasahang resulta ng *peer tutoring program* ay may *weighted mean* na 3.80 na may tumbasang Lubhang Sumasang- ayon.

Ang resulta ay nagpatunay na ang Ebalwasyon ng *Peer Tutoring Program* ay inilalarawan ng mga tiyak na inaasahang resulta ng *peer tutoring program*: naipakita ang ginawang hakbang upang masubaybayan ang *peer tutoring program* sa tulong ng guro, *peer tutors*, at mag- aaral upang makamit ang mga layunin ng *peer tutoring program* batay sa *collaboration*. Nagabayan ang mga mag- aaral sa maayos na paggamit ng mga istratehiya at materyales sa kabuuan ng *peer tutoring program*. Tiniyak ni Rahmasari ang (5) limang benepisyo ng *peer tutoring program*: **a.**) mas madaling nauunawaan ng mga mag- aaral ang aralin o babasahin dahil sa *peer tutoring*; **b.**) nalilinang ng mga mag- aaral ang kakayahan nilang magbasa dahil sa *peer tutoring*; **c.**) napapataas ng *peer tutoring* ang motibasyon at tiwala sa sarili ng estudyante; **d.**) napapaliit ng *peer tutoring* ang tsansa ng *teacher dominancy* sa silid- aralan; at, **e.**) nagiging mas aktibo sa talakayan ang mga sumasailalim sa *peer tutoring program*. Ang kinalabasan ng isang *peer tutoring program* ay epektibo kung nakamit ang mga layuning minimithi sa una pa lamang: ang *peer tutoring* ay epektibong paraan ng pagpapataas ng kakayahan ng mga mag- aaral sa aralin (Eid, 2015). Natitiyak sa resulta ng gawain na malaki ang ginagampanan ng *peer tutoring* sa pagkatuto ng mga mag- aaral (Njeri, 2016)

**Konklusyon**

1. Batay sa isinagawang resulta ng pag-aaral sa Alaminos Integrated National High School Baitang walo, natukoy ang mga sagabal sa pagkatuto ng pagbasa at nabigyan ng kaukulang kasagutan ng mga Guro sa Filipino ang mga suliraning hinarap sa Remedial Program. Ito ay dulot ng mababang bunga ng Philippine Informal Reading Inventory o Phil – IRI na isinasagawa sa buong dibisyon ng laguna sa disiplinang Filipino.
2. Ang isinagawang *Needs Analysis* ay tumuon sa saloobin,gawi, kilos ng mga mag-aaral hinggil sa kanilang paraan ng pag-aaral at nagmungkahi ng pagsasagawa ng *Peer Tutoring Program at nagresulta sa pagbuo ng Peer Tutoring Program.*
3. Ayon sa bunga ng isinagawangpananaliksik, malaking katulungan ang pagsunod sa modelong ASK ni Fiesel 1985, upang makalikha ng mabuting samahan ng *Tutors at Tutees* sa pamamagitan ng pagtutulungan na may malasakit sa isa't isa.
4. Ang pagkatuto ng Tutors at Tutees sa patnubay ng Guro ay itinuring na isang malaking hakbang sa pag-unlad ng bawat mag-aaral tungo sa Quality Education ng 21st Century.
5. Natuklasan sa pag-aaral na ang mabisang dulog ang paggamit ng Tutors bilang tulong sa Guro at kapwa mag-aaral. Ito ang *Collaborative Learning* na may kaakibat na *Reflective Learning at Lifelong Learning*.

**Pagkilala**

Ang mananaliksik ay nagbibigay pugay at nagpapasalamat sa mga indibidwal na nagbigay ng kontribusyon sa saliksik.

Lucy G. del Rio, EdD, Rufino L. Tanio, EdD, Santiago F. Fajilago Jr., EdD, Analiza L. Lanzador, Animasula Marisol R. Bancoro, EdD, at Ronnel Isidro

Sanggunian

Abbas, J. (2015). Impact of Peer Tutoring on Learning of Students. www.study.com

Albis, S.A. (2018). The Effects of Peer Tutoring Programin the Academic Performance of Senior High School Students in Alaminos Integrated National High School. (Di- nakalimbag na manuskrito). Nasa pag- iingat ng may akda.

Alzahrani, T. &Leko, M. (2018). The Effects of Peer Tutoring on the Reading Comprehension Performance of Secondary Students With Disabilities: A Systematic Review. *Reading and Writing Quarterly*, 34(1), 1-17.

Aquino, G. (2015). *Curriculum Innovation*. Mandaluyong City: National Bookstore.

Arceo, G. (2015). *Curriculum and Development*. Mandaluyong City: National Bookstore.

Arrand, K. (2015). Peer Tutoring.*CentreFor Learning Excellence*,4(1), 47-61.

Balkis, M., Arslan, G. & Duru, E. (2016). The School Absenteeism among High School Students: Contributing Factors. *Educational Sciences: Theory & Practice*, 16(6), 1819- 1831.

Banzuela, P. (2018). Peer Tutoring Program: A SystematicReview. (Di-nakalimbag na manuskrito). Nasa pag- iingat ng may akda.

Belvez, P. (2015).*Retorika Mabisang Pagsasalita at Pagsulat*. Manila City: Rex Bookstore Inc.

Castro, S. (2018). Peer Tutoring Program: Effective Way of Collaboration.(Di- nakalimbag na manuskrito).Nasa pag- iingat ng may akda.

Concepcion, A.C. (2017). STRATEGIC INTERVENTION MATERIAL (SIM) SA PAGTUTURO NG PANITIKANG PILIPINO GRADE 8 SA PAMPUBLIKONG PAARALANG SEKUNDARYA. (Di- nakalimbag na manuskrito). San Pablo City: San Pablo Colleges.

Constantini, S.T. (2015). THE IMPACT OF PEER TUTORING STRATEGIES ON STUDENT LEARNING IN SOCIAL STUDIES. (Di- nakalimbag na manuskrito). State University of New York at Fredonia.

Cook, A.F. (2018). Peer Tutoring Program: Its Benefits and How it Affects Students. www.study.com.

Department of Education. (2012). Curriculum Standard in Filipino.www.lrmds.deped.gov.ph.

Department of Education. (2018). PolicyGuidelines on the Administration of the Revised Philippine Informal Reading Inventory.http://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2018/03/DO_s2018_014.pdf

Dizon, E. C., & Sanchez, R. D. (2020). Improving Select Grade 7 Filipino Students' Reading Performance Using the Eclectic Model. Journal of World Englishes and Educational Practices, 2(2), 216-221.

Feisel, L.D. (1985). Engineering Education: Opportunities and Obstacles. Paper Presented at the Meeting of the IEEE Southern Tier Technical Conference. Binghamton, New York.

Fitch, M.A. & Semb, G.B. (1993). The ASK Model of Peer Tutoring: Theory and Research. San Diego, California: Navy Personnel Research and Development Center.

Rahmasari, B.S. (2017). *Peer Tutoring: An Effective Technique to Teach Reading Comprehension*.IKIP PGRI Madiun.

Sahin, S., Arseven, Z. &Kılıç, A.(2016).Causes of Student Absenteeism and School Dropouts.*International Journal of Instruction*, 9(1), 195- 210.

Sanchez, A. M. P. (2022). HR Practitioners' Perceptions on Boosting Employees' Loyalty and Commitment: Inputs for a 21st Century-Responsive Human Resource System. International Journal of Open-access, Interdisciplinary and New Educational Discoveries of ETCOR Educational Research Center (iJOINED ETCOR), Vol. I, Issue 4, 89-102.

Sanchez, R., & Sarmiento, P. J. (2020). Learning together hand-in-hand: An assessment of students' immersion program in a schools division. International Journal of Research Studies in Education, 9(1), 85-97.

Sanchez, R., Sarmiento, P. J., Pangilinan, A., Guinto, N., Sanchez, A. M., & Sanchez, J. J. (2022). In the Name of Authentic Public Service: A Descriptive Phenomenological Study on the Lives of Filipino Teachers in Select Coastal Villages. International Journal of Open-access, Interdisciplinary and New Educational Discoveries of ETCOR Educational Research Center (iJOINED ETCOR), 1(1), 35-44.

Schwartz, A.C. (2017). Remedial EducationPrograms to Accelerate Learning for All.*Global Partnership for Education (GPE)*, 11, 1- 64.